

PROLOGUE



Savanna's POV

"I'm pregnant."

Mula sa pagkakayuko ay tumingin ako sa kanya. May munting mga butil ng luha na patuloy sa pag-agos sa pisngi ko. Nangunot ang noo niya at tumingin sa akin.

"Who's the father?" He gave me a bored look and glanced at my stomach. "Maybe you fucked some guy out there." He smirked at tumalim ang mata niya sa galit.

That was below the belt. Masakit, pero binabalewala ko lang. I crossed my finger and wiped away my tears. I inhaled deep and let out a huge sigh. "S-sayo."

Ilang minuto bago siya humalakhak na parang walang pakialam. Nilunod niya ang sarili sa alak at tumingin sa 'kin.

"Then from now on, you're mine, bitch. Don't you ever dare sleep with other guys or I'd kill you both."

Those words can be viewed as a gateway to hell. And from now on, I'll be living with satan. The coldest and numbest person I've ever met.

Oh. Let me rephrase that.

He's the coldest and numbest person I've ever slept with.

1

The Torture

Savanna's POV

"I do," sagot ko sa pari.

Pagkatapos ay bumaling siya kay Paul. Tumikhim muna siya nang makitang nag-i-space out ang mapapangasa'wa ko. "Now, Mr. Paul Evangelista...."

Napatingin ako kay Paul na blangko ang emosyon sa mukha. Parang wala siyang pakialam sa nangyayari.

He stared at me blankly and my chest began to hurt. Para siyang tuod at bato sa harap ko. Ewan ko. Nasasaktan din ako sa nangyayari ngayon. It was supposed to be the most memorable moment of our lives, pero it turned out na isa pa pala 'to sa pinakamasakit na pangyayari sa buhay ko. Masama bang sumaya?

"I do."

Ngumiti nang mapait ang pari sa harap namin. Tanging mga magulang namin ang testigo sa kasal namin. Hindi rin ako pinayagan ni Paul na mag-invite ng mga kaibigan ko kasi wala rin naman 'tong kwenta. Sabi niya, 'this won't last forever'. Kulang na lang, pira-pirasuin ang puso ko into pieces.

Napatingin ako sa singsing na suot ko ngayon. Puno ito ng mga kumikinang na diamonds. Napakaganda kung titingnan, pero hindi nababagay sa kamay ko. Napaungol ako sa sakit nang maramdaman ang sakit sa bandang puson ko.

Naalala ko ang nangyari kanina. Puno ng sakit ang mata niya. Puno ng galit. Galit at pagtitimpi sa 'kin. I remembered his face.

The way he cursed me. The way he treated me. He had treated me terribly, but why am I still here lying next to him?

Everything was so wrong and blurry.

“Why don’t you just sleep?!” naiinis na tanong sa ‘kin ni Paul, half-naked lying like a god next to me. Napaka-manly ng dating niya, pero kakaiba ang aura kapag nagagalit.

Hindi ako umimik. I bit my lower lip to stop myself from crying. But I just can’t... hinila ko ang kumot para takpan ang hubad kong katawan.

Tumingin siya sa ‘kin at saka bumaling sa kabilang side ng kama.

Pinigilan kong hindi humikbi kahit na sobrang sakit ng dinaranas ko ngayon. I’m weak right now. I really miss my family and friends.

Pero kaya ko namang tiisin lahat ‘yun para kay baby. For my baby. Mine alone.



Nauna akong nagising kay Paul kaya bumangon ako kaagad at nagtungo sa kusina. Napakalaki niyon at puno ng makabagong mga appliance.

Malaki ang bahay ng mga Evangelista, patunay lang ng karangyaan ng mga ito. Idagdag pa ang iba’t ibang koleksyon ng kotse sa garahe. Lahat ‘yun ay collection ni Paul at ng daddy niya.

“Manang, ako na po ang bahalang magluto,” sabi ko sa naabutan ko sa kusina.

Ngumiti sa ‘kin si Manang at hinaplos ang buhok ko. “Naku, hija, dapat nagpapahinga ka. Honeymoon n’yong mag-asawa, pero bakit nandito kayo sa bahay? Ang sabi ni Ser dapat nasa—”

“Savanna.”

Naputol ang sasabihin ni Manang nang sumingit si Paul na nasa kalagitnaan ng hagdan, nakakunot ang noo at parang may pagbabanta sa mukha. Parang modelong bumababa siya sa hagdan.

Pumulupot ang kamay niya sa bewang ko at hinalikan ako sa pisngi. “I’m hungry.” Seryoso siyang nagsalita habang nakakatitig kay Manang na parang may gustong sabihin.

Mukhang nag-panic si Manang at agad umalis. Nagtataakang tumingin ako kay Paul.

“P-Paul,” bigkas ko nang maramdaman ang unti-unting paghigpit ng pagkakahawak niya sa bewang ko.

Agad niya ‘kong binitawan at nagtungo sa mesa na may nakahanda nang mainit na kape. Nagbuklat siya ng mga dyaryo na animo’y isang hari sa isang mansyon.

Napahawak ako sa tiyan ko. Kasal kami pero parang pareho kaming nasasakal sa relasyon namin ngayon.

“Ano?” inis na tanong niya sa ‘kin.

“M-may pupuntahan ako mamaya. Ba—”

“We’ve already discussed this yesterday.”

“Pero kailangan ko ta—”

“You’re not going, Savanna!” Nanlilisik ang kanyang mga mata nang tumingin sa akin. “If you insist on going, I’ll lock you up here.”

Umalingawngaw sa ‘king utak ang sinabi niya. Ikukulong niya ako?

Umiling-iling ako sa kanya at agad tumakbo papasok sa kwarto. Sumubsob ako sa unan at doon inilabas ang sakit at takot na nabubuo sa katawan ko. Bakit niya ‘to nagagawa sa ‘kin? How

could he do this to me?



“Anna!”

Napadako ang paningin ko kay Denise na nakasuot ng isang magandang damit. Napaka-sexy niya; tila isang dyosa ang tumatakbo papalapit sa aking kinatatayuan.

“Denise, bakit mo ba ako pinapunta sa ganitong lugar?”

Isang malutong na tawa ang pinakawalan ni Denise ngunit nawala ang ngiti sa labi niya nang dumako ang kanyang mga mata sa kabuuan ko, tumaas ang kilay.

“I told you to wear something revealing.”

Umiling lamang ako. “I can’t.”

Kahit madilim sa lugar ay naaaninag ko ang pag-irap niya sa ‘kin. I just shrugged. Nasa isang bar kami na mahilig puntahan ni Denise. Hinila niya ako sa isang couch kung saan maraming lalaki. Naririnig ko lamang sa mga ito ang tungkol sa gimik-gimik hanggang sa magkayayaan na at dahil ayaw kong matawag na KJ ay sumama na rin ako sa kanila.

Hindi ko alam na mali pala ang naging desisyon ko na pagsama. Kung alam ko lamang...

Mausok at amoy-alak ang paligid, isabay pa ang malakas na tunog. Nakakarindi.

Denise sat beside me, holding a bottle of wine na agad ko namang tinanggihan. Inismiran pa niya ‘ko na hindi ko na lamang pinansin. Alam ko naman na ganito ang ugali niya.

“Nakikita mo ba ‘yung lalaking ‘yun?”

Tumingin naman ako sa itinuturo niya. Halos umawang ang bibig ko sa nakitang lalaki. Napakagwapo niya na sa sobrang

kagwapuhan ay halos labat ng babae dito sa bar ay naglalaway sa kanya. Tanging malalakas lamang siguro ang loob ang makakalapit sa lalaking 'yun.

“Oo. Sino ba 'yun?”

Narinig ko ang pagbuntong-hininga niya na parang pinagpapantasyahan ang lalaki. “Hindi mo ba alam na sikat siya dahil sa pagiging model? Lagi siyang nagta-top sa labat ng contests sa iba't-ibang bansa. Kaso ang alam ko, malapit na siyang ikasal.”

May konti akong nararamdaman na panghibinayang sa dibdib ko. Napakagwapo niya pero ikakasal na? Wala na kong pag-asa.

Hay, talaga namang wala akong pag-asa. Bukod sa napaka-plain ko sa labat ay hindi naman talaga kapansin-pansin ang hbitsura ko. Isang dakilang waitress lamang ako sa isang Chinese restaurant at sa isang apartment nakatira. At tanging tatay ko na lang ang nagbabantay sa akin, pero nasa probinsya namin siya. Mabuti na lang at taga-Manila ang nanay ko na may iba nang asawa.

“Mayaman ba 'yan?” hindi ko naiwasan na itanong.

“Dub! Huli ka na talaga sa mga balita. Ang pamilya niya ang nag-iisang nagmamay-ari ng pinakamalaking kompanya dito sa bansa at sa iba't-iba pang lugar. At isama mo pa ang iba pang businesses nila kasama na ang ate niya na isang fashion designer sa Paris. O di ba? Jackpot ang loko!”

Napatawa na lang ako. Napakalayo pala talaga namin sa isa't-isa. Kumbaga, isa lamang akong alikabok samantalang isa siyang malaking tala.

Nakailang shot na 'ko ng vodka nang maramdaman ko ang pagkahilo. May naririnig na akong kakaiba sa paligid, pero wala akong pakialam.

“Anna, isa pa?” narinig kong tanong ng nakangising si Denise.

Tumango ako at agad inagaw ang huling vodka. Naghiyawan ang mga nasa paligid at pati na rin ang mga kaibigan ko.

Gumuhit ang mainit na parang nag-aapoy na likido sa lalamunan ko. Parang nag-iinit na rin ako. Malabo na ang aking paningin na halos hindi ko na alintana kung sino ang nababangga ng aking katawan. I felt free.

“Ngayon, lumapit ka sa kanya,” narinig kong bulong ni Denise, parang masamang hangin na nag-uutos sa akin.

Una ay naguguluhan pa ako, pero nakita ko na lang ang aking sarili na malapit ang katawan sa isang lalaki. Ang lalaking kanina ay pinagpapantasyahan nila. Mukhang medyo tipsy na rin siya.

Wala na akong nagawa nang hilabin ako ng lalaki papalapit sa katawan niya. Napaawang ang aking labi nang yakapin niya ang maliit kong bewang at tumama ang labi ko sa malapad niyang dibdib. I felt safe.

Tiningala ko ang binata. Blurred ang buong paligid at tanging mukha lang ng lalaki ang nakita ko. Si Paul Evangelista.

2 *My Disaster*

Savanna's POV

“Open this damn door, Savanna.”

Sinubukan kong takpan ang tenga ko, pero parang sirang plaka na umaalingawngaw sa utak ko ang boses ni Paul. Sa tuwing nagagalit siya at sumisigaw ay parang natataasan ang balahibo ko.

Hindi. 'Wag mong bubuksan ang pinto. Sasaktan ka niya, Savanna, bulong ng isang side ng isip ko.

“Savanna, you're getting into my nerves.” Narinig ko ang buntong-hininga niya. Kasabay n'un ang pagbukas ng pinto.

Alam kong may spare key siya. Wala akong ganang tumayo. Feeling ko, hinihila ng kama ang katawan ko. Pinikit ko ang aking mata at agad na bumaluktot sa ilalim ng mainit na comforter.

Naramdaman ko ang hakbang niya papalapit sa 'kin.
“Savanna.”

“Ikukulong mo ba ako? Are you going to lock me here?”
dirediretso kong tanong.

“Look at me.” Madiin ang pagkakasabi ni Paul kaya wala na akong nagawa kundi ang harapin siya. Hindi katulad kanina na kunot na kunot ang noo, ngayon ay malambot ang kanyang ekspresyon, pero wala akong makapa sa emosyon niya.

He massaged his temple and looked away. “What am I supposed to do to make you listen to me, Savanna?”

Nakita kong parang nahihirapan siyang tumingin sa 'kin.

Gusto kong maging mabuti kang asawa sa ‘kin at ama sa magiging anak natin, Paul...

Pero walang lumabas na kahit anong salita mula sa ‘kin. Tumingin ako kay Paul at hinawakan ang kamay niya, hindi naman siya pumiglas o kung ano pa. Sinuklian niya ‘yung tingin ko.

“Ayoko ng ganito, Paul.”

Nakita ko ang pagkakakunot ng noo niya. “What do you mean?”

“Kung ayaw mo rin ng ganitong set-up natin, Paul, then, ‘wag na lang nating pakialaman ang isa’t-isa. Hindi kita papakialaman kahit ano’ng gawin mo basta—”

“Then what? Hindi rin kita papakialaman? How about my child?!”

“A-ano... alam ko kung ano’ng gagawin ko at—”

“No,” matigas na sabi niya. “I’m not stupid, Savanna. If you’re thinking about f*cking and flirting with someone else, well, I’ve already warned you, Savanna. Don’t make me do something you’ll regret.”

“O-of course not! Why would I—”

“Katulad ng ginawa mo sa akin? Pinikot mo ako, just so you could marry someone like me.”

Sumikip ang dibdib ko nang marinig ang sinabi niya. Puno ng disgusto ang boses niya.

“I hate you, Savanna.”

And this one hit me. I was on the verge of tears. How would I hold it back? Sinubukan ko pero mas lalo lamang bumibigat ang pakiramdam ko.

“Tama na.” Gusto kong takpan ang sarili kong tenga para hindi ko na muling marinig ang sasabihin niya.

“You disgust me,” pagtutuloy niya. “I wish you would just disappear after giving birth to my baby.”



Napatingin ako kay Paul na ngayon ay tumatawa habang ang iba niyang kabarkada ay may tig-iisang babae sa kandungan. Nasa tabi ako ni Paul ngayon at tahimik na nakikinig sa mga kwentuhan nila. Mostly, mga kabastusan ang topic nila. They were evil. Manwhores. At pinakamalala pala sa kanila ay si Paul.

Parang tinusok ang dibdib ko nang malaman na hanggang ngayon pala ay ganun pa rin siya. Kaya pala minsan ay ginagabi siya ng uwi. Parang unti-unti akong naglalaho sa kinatatayuan ko sa bawat impormasyon na nalalaman ko tungkol kay Paul.

“P’re! She’s hot. Bagong biktima?”

“Oo nga! Tangna ‘to! Nakapulot lang ng sisiw hindi na namigay!”

Napuno ng tawanan ang buong upuan. Nakaramdam ako ng hiya nang titigan ako ng mga babae mula ulo hanggang sa bawat sulok ng katawan ko. Kasabay n’un ang pagtaas ng kilay nila.

Dinala ako ni Paul sa isang bar. Nanumbalik na naman ang mga alaala sa ‘kin n’ung una kaming nagkakilala.

Mula sa pagtitig ng mga kabarkada ni Paul sa akin hanggang sa mga bulungan ng mga babae. Hindi ko mapigilan na hindi mahiya dahil sa suot ko. Siguro dahil hindi naman ako ang tipo ni Paul.

I was wearing a fitted white shirt at jeans tapos pinag-high heels ako ni Paul. Ewan ko. Hindi ko rin alam kung bakit pinasuot niya ako ng ganito, pero unti-unti ko na ring nalalaman

kung bakit. Ayaw niyang mapahiya sa mga kaibigan niya na isang hamak lamang na probinsyana at mahirap na babae ang napangasawa niya. Tears were welling up in my eyes. Masakit na masakit na halos pakiramdam ko, para lamang akong tanga dito sa kinauupuan ko.

Tumingin siya sa mga kabarkada niya. “Don’t mind her, she’s a nobody,” seryosong sabi niya.

Napayuko ako. Sobrang liit ko. Ganoon ang pakiramdam ko. Oo. Gan’un lang ako sa paningin niya. ‘yung mga kabarkada niya ay tumango-tango lang at ‘yung mga babae naman ay parang nabunutan ng tinik at isa-isang nagtawanan. Malapit na, sobrang lapit nang tumulo ng mga luha ko. Bakit ba napakababaw nila?

May lumapit kay Paul at kumandong sa hita niya.

“I thought pinagpalit mo na kami sa kanya.” Inirapan ako n’ung babae.

Ngumisi si Paul at agad iniyakap ang bisig sa bewang n’ung babae. “Of course not.”

Hindi ko na napigilan ang sarili ko at agad tumayo papuntang CR. Hindi ko na rin alintana ‘yung mga taong nasasagi ko.

“Ang sakit,” I burst out pagkapasok ko pa lang sa loob ng banyo. Napatakip ako ng mukha nang unti-unting nagtubig ang mata ko. May sasakit pa ba sa narinig ko? Parang may kutsilyo ang bawat salita niya.

My child. Kawawa naman ang anak ko kung sakaling makita niya ang lahat...

Lumabas na ako ng CR pagkatapos kong maghilamos. Nakayuko ako habang naglalakad nang may biglang humila sa ‘kin sa tabi. Sobrang bilis ng pangyayari. Parang isa-isang nag-sink in sa utak ko ang nangyari. Isang malambot na bagay ang nakadampi

sa labi ko.

Click

Flash

Click

Pagtunog ng camera? Paglibot sa ‘min ng mga tao? Bakit? Napatingin ako sa lalaking sobrang lapit ng mukha sa akin. Mahigpit ang hawak niya sa bewang ko. Hindi ko alam kung itutulak ko ba siya pero nakita ko na lang ang sarili kong nakapikit. Teka! Ano ba ‘tong pinasok ko?

“S-sino ka?” nanghihinang tanong ko sa kanya. Tumingin ako sa mata niya. Nakakaakit. Kulay itim ang mga iyon at ang mapupula at maninipis niyang labi ay sumasabay ang galaw sa ritmo ng kanyang paghinga. Tumatama sa aking leeg ang kanyang hininga. Mabango at napakainit.

“Woah!”

“T-teka. Si Simon de Vegas ba ‘yun? ‘Yung sikat na painter, di ba?”

“Oo nga. Wow, so may girlfriend nga talaga siya?”

Magsasalita pa sana ako nang may humila sa ‘kin bigla at nakita ko na lang na nakahiga sa sahig ‘yung lalaking humalik sa ‘kin. Hindi ko alam ang gagawin ko.

Lalapit na sana ako d’un sa lalaki dahil mukhang nasaktan siya nang hilahin ako ni Paul papaalis d’un.

“At may balak ka pang tulungan ang gagong ‘yun?! Bullshit, Savanna!” Marami akong narinig na mura galing sa kanya kaya napapikit ako.

“Paul. N-nasasaktan ako.”

“And you deserve it, bitch!”

Tinulak niya ako papasok sa kotse at agad nagmaneho. Napakapit ako sa upuan ko nang paandarin niya iyon nang mabilis. Halos lumipad na kami. Napatingin ako kay Paul na ngayon ay pulang-pula ang mukha at namumuti na ang kamay sa sobrang higpit sa pagkakahawak sa manibela.

“Ano ba, Paul! Bagalan mo!”

He looked at me at ngumisi. “No. We’ll die together, Savanna...”

Wala na akong nagawa. Agad akong nakahinga nang maluwag nang makitang nasa tapat na kami ng bahay. Hinila niya ako papalabas at pumasok sa bahay. Nakita ko ang panlalaki ng mata ni Manang nang makitang hila hila ako ni Paul. Umiling lang ako sa kanya para hindi na siya madamay.

Pabagsak niyang isinara ang pinto na nag-iwan ng malakas na tunog sa buong kwarto. Agad niyang hinubad ang suot na suit at hinila ang buhok ko para itulak sa kama.

“P-Paul, Tama na.”

“Slut!” Lumipad ang kamay niya sa pisngi ko. Halos mabingi ako sa sakit. Napahawak ako sa pisngi ko na namanhid.

Inalis niya ang pagkakabutones ng suot habang nakatingin sa ‘kin. “You’re my wife, Savanna, pero dinungisan mo na agad ang pangalan ko? You’re nothing but a bitch to me!”

Umurong ako at akmang tatayo na when he grabbed my hair and pulled me back. Mangiyak-ngiyak ako sa sakit.

“W-wag!”

Napapikit ako nang hilahin niya ang damit ko. Halos parang basahan na lang ang suot ko. Nakita kong nagningning ang mata niya nang makita ang katawan ko.

“Ilan na ba ang nakagamit nito bukod sa ‘kin, ha? TELL ME!”

“Please, don’t do this...”

Umiling siya at agad akong hinila papalapit sa kanya. He nipped the skin of my neck, slid his mouth down to my breast. Gumapang ang kamay niya mula sa hita ko hanggang sa makarating iyon sa pribadong parte ng katawan ko.

“This is mine, Savanna.”

Tumingin ako sa kanya habang umiiyak. “Hindi mo ba talaga kayang maging isang ama sa anak natin?”

Nakita kong lumambot ang mukha niya. Nagtama ang mga paningin namin. Unti-unting naglaho ang kakaibang aura na naglalaro sa mata niya. He ran his hand through his messy hair.

Nagsimulang tumulo ang luha ko. Ramdam ko ang sakit ng pisngi ko at buhok. Pagapang na kinuha ko ang comforter at agad na binalot iyon sa aking katawan.

“I’m sorry,” he whispered. “It’s all your fault anyway.” He lay down beside me at agad na minasahe ang pawisang sentido niya.

Niyakap ko ang aking mga tuhod. Kinurot-kurot ko ang aking balat. Sana panaginip na lamang ang lahat ng ito. Sana mahal na lang niya ako. Sana hindi na lang ganito. Pagod na ako sa pag-iyak. Masakit ‘yung pagkakasampal sa ‘kin ni Paul, pero mas masakit ‘yung mga ginagawa niya at mga kilos niya sa ‘kin. He’s acting na parang hindi niya ako asawa.

“You ruined my life,” simula niya. “I let her go just to f*cking marry you, at hindi ko matanggap ‘yun.”

Yeah, I ruined his life. Pero hindi ko ginusto na mangyari ito sa ‘min. Ikakasal na dapat siya sa matagal na niyang karelasyon na isang half-Filipina at half-British, pero hindi ‘yun natuloy dahil na nga sa nalaman nila. Masakit sa akin na makitang napilitan lang siyang pakasalan ako dahil sa anak namin at mas lalong nasaktan

ako nang naging miserable si Paul nang umalis ang matagal na niyang kasintahan.

Mas maganda at di-hamak na mas may ipanglalaban ang mukha ng babae. Hindi ko alam, pero nakaramdam ako ng inggit at selos kahit wala naman akong dapat ikaselos.

Napapikit ako dahil sa munting sakit na nararamdaman ko sa dibdib ko. “Bakit? Bakit hindi ka umurong sa kasal?” untag ko.

Saglit siyang tumahimik at agad tumayo. “Dahil sinira mo ang lahat sa ‘kin. You took away everything and now I have nothing. Sisiguraduhin ko na magiging miserable ang buhay mo, Savanna.”